


*“Satyam param dhimahi
— tayo ay magmumuni-
muni sa kahulugan ng gaya -
tri-mantram. Ano ang ating
ipagmumuni-muni? Yaong
inspirasyon ay magmumula
sa banal na lugar; ito ang
paanang lotus ni Sri
Krishna at ang kanilang
paglilingkod.”*

BHAGAVAT DARSHAN


Pagbubunyag Hindi Pag-aakala



Swami Bhakti Sundar Govinda

BHAGAVAT DARSHAN

Pagbubunyag Hindi Pag-aakala



Swami Bhakti Sundar Govinda

© Lahat ay deretso reserbado para sa:

Ang Sevaite-Pangulo-Acharyya,
Sri Chaitanya Saraswat Math, Nabadwip

Ang tagapagtatag-Pangulo-Acharyya:
ng Sri Chaitanya Saraswat Math
Ang kanyang Banal na Grasya
Srila Bhakti Raksak Sridhar Dev-Goswami Maharaj

Ang kasalukuyang-Sevaite-Pangulo-Acharyya:
Ang kanyang Banal na Grasya
Srila Bhakti Sundar Govinda Dev-Goswami Maharaj

Inilathala (sa ingles) ni: Srutasrava Das Adhikari

Traduktor (sa tagalog) ni: Bless Flores
at Isani devi dasi.

Iniwasto (sa tagalog) ni Isani devi dasi
at Malini Devi Dasi

Sri Chaitanya Saraswat Math,
Sangay ng Pilipinas
Isani Devi Dasi
e-mail: scsmath-philippines@mail.com

Tel: +63 92031 63750 & +63 928 12568

SOUTH AFRICA

Sri Chaitanya Saraswat Math,
57 Silver Road, Newholmes, Northdale
Pietermaritzburg 3201 Kwa-Zulu Natal,
☎: (0331) 912 026

NEW ZEALAND

1030 Coatesville Riverhead Highway,
Riverhead, Auckland,
☎: (09) 4125466
email: auckland@scsmath.org

MALAYSIA

Sri Chaitanya Sridhar Govinda Seva Ashram, 7 Taman Thye Kim,
Jalan Haji Mohammed Ali, 32000 Sitiawan, Perak
☎ (05) 691 5686 e-mail sitiawan@scsmath.org

SINGAPORE

Sri Chaitanya Saraswat Math (Singapore) Blk 7, # 02-107
Tanjong Pagar Plaza Singapore, 081007
☎: +65 9062 6733
e-mail singapore@scsmath.org

PHILIPPINES

Srila Sridhar Swami Seva Ashram,
23 Ruby St., Casimiro Townhouse,
Talon uno, Las Pinas City, zip 1747.
☎: +63 800-1340
email: sridharswami@hotmail.com

Sri Chaitanya Saraswat Math

Philippines Branch.

☎: +63 9203163750 & 9287712568
e-mail: scsmath-philippines@mail.com

Sri Chaitanya Saraswat Math ay matatagpuan sa ating
website sa:

<http://www.scsmath.com>

Panimula

*Si Krishna Kanta Devi Dasi, isang dalubhasa sa sining,
ay nagsalin at naglathala ng maraming mga aklat ni
Srila Govinda Maharaj sa Italyano at nakapagtatag ng
mga sangay sa buong Italya.*

Inihahandog ko ang aking magalang na pagpipitagan sa
paanan ng mga mambabasa, na pawang tulad ng walang kat-
apusang ilog ng matamis at sariwang tubig na dumadaloy
buhat sa napakalaking lawa ng awa, kung saan ang ating
pinakamamahal na gurong, si Srila Bhakti Sundar Govinda
Dev-Goswami Maharaj, ay pinaapaw ang daigdig.

Sa katotohanan ay wala akong kakayahang awitin ang mga
papuri sa ating Gurudeva at ang kanyang mga tapat na ala-
gad. Nadarama ko na ako ay mapalad sapagkat natanggap ko
ang kanyang awa, ang kanyang pagmamahal, at ang kanyang
pag-ibig, at batid kong dahil lamang iyon sa kanyang biyaya
kaya mayroon din akong awa, pagmamahal at pag-ibig ng
kanyang mga tagasunod. Hindi ako magkakaroon ng kakaya-
han na suklian kung ano ang ibinibigay nila sa akin. Tunay na
kahanga-hanga na makita kung anong init at gandang pam-
ilya mayroon tayo.

vipadah santu tah sasvat

tatra tatra jagad-guro

bhavato darsanam yat syad

apunar bhava-darsanam

Si Queen Kunti ay nananalangin, inaanyayahan ang panganib
upang dumating, dahil sa mga mapanganib na sitwasyon

Panimula

darating si Krishna sa kanya. Ang panganib ay senyales na si Krishna ay darating upang tulungan siya at ang mga Pandavas; dadalhin nito ang Diyos ng mas malapit, sa isang mas masinsinang ugnayan. Ito ay isang napakagandang berso, at ito rin ay aking sariling karanasan. Ang sakit na ito, ang panganib na ito, ay humugot ng lahat ng pagmamahal ni Sri Gurudeva at ang kanyang mga deboto sa akin, sa isang napakaalab na pamamaraan. Ako ay tunay na nagulat na mapagtanto ang walang katapusang kakayahan ng ating Guru Maharaj na magbigay—na malayang magbigay, sa bawat isa, lalo na doon sa mga lubos na nangangailangan.

Sa pamamagitan ng biyaya ni Sri Gurudeva ay nakatanggap tayo ng ganitong kaalaman na walang kamatayang kaluluwa, ng ating walang katapusang ugnayan sa Diyos, kung kaya wala tayong takot sa kamatayan. Natatandaan ko pa noong teen-ager pa lamang ako, nakatingin ako sa daigdig na nasa aking paligid, laging nag-iisip gaano kaiksi ang buhay na ito—maaari tayong mamatay anumang oras—at labis akong nabigo dahil sa aking puso alam ko na hindi ko ginagamit ang aking panahon ng tama. Mayroon akong pagnanais na gumawa ng mabuti para sa aking sarili, na ipagkaloob ang aking buhay para sa magandang hangarin, ngunit ako ay labis na nabigo sapagkat wala akong matagpuang anuman na ipinagpapalagay kong mabuti, na karapat-dapat para mabuhay, kung kaya ako ay takbo dito at doon, sumusubok na makatagpo ng kaganapan. At, kung kailan halos sumuko na ako, bigla ang aking Gurudeva ay lumitaw sa aking harapan, at ang aking buhay ay nagbago ng tuluyan!

Narito ang aking hinahanap! Narito ang dahilan na aking tinutuklas: ang ganap na dahilan, ang kaganapan ng aking buhay. Anong kaginhawahan! Saan ako naroon ng mga panahong yaon? Paano ako nabuhay? Anong klaseng pag-aaksaya ng oras!

BRAZIL

Sri Chaitanya Sridhar Govinda Seva Ashram
Krishna Shakti Ashram,
P.O. Box 386, Campus do Jordao-S.P.
☎: (012) 3663 3168
email: ksa@scsmath.org

VENEZUELA

Sri Chaitanya Sridhar Govinda Seva Ashram
Quinta Parama Karuna,
Avenida Tuy con Avenida Chama, Caracas
☎: (+58) 212-754 1257
email: contacto@paramakaruna.org.ve

IRELAND

Sri Chaitanya Saraswat Sangha, Willowfield Road
Ballinamore Co. Leitrim
☎: 071 9645661
e-mail: ireland@scsmath.org

NETHERLANDS

Sri Chaitanya Saraswati Sridhar Ashram,
Middachtenlaan 128,
1333 XV Almere, Buiten.
☎: 036 53 28150
e-mail: gandiva@chello.ni

HUNGARY

Sri Chaitanya Saraswat Math
Andras Novak
Nagybányai út 52. H-1025 Budapest
☎: (361) 3980295 fax: (361)3980295
email: sweetwater@scsmth.org

TURKEY

Sri Govinda Math Yoga Centre,
Abdullah Cevdet sokak No33/8 Cankaya 06690 Ankara,
☎: 090 312 4415857 & 4408882
email: turkey@scsmath.org

U.S.A.

Sri Chaitanya Saraswat Seva Ashram,
2900 N. Rodeo Gulch Rd., Soquel,
CA 95073.

☎: (831) 462 4712

e-mail: soquel@scsmath.org

RUSSIA

Pin 197229 St Pertersburg, p.Lahta
St Morskaya b.13 Russia.

☎: +7 (812) 238-2949

e-mail scsmath@mail.ru

MAURITIUS

Sri Chaitany Saraswat Math International,
Nabadwip Dham Street.,
Long Mountain.

☎: (230) 245 3118 / 5815 /2899

e-mail: mauritius@scsmath.org

AUSTRALIA

Sri Govinda Dham, P.O. Box 72,
Uki via Murwillumbah, N.S.W. 2484.

☎: (0266) 795541

e-mail: uki@scsmath.org

MÉXICO

Sri Chaitanya Saraswati Sridhar Govinda Seva Ashram de Mexico,
Calle 69-B N°. 537, Fracc. Santa Isabel, Kanasín,
Yucatán cp 97370

☎: (52-999)982-8444

email merida@scsmath.org

ECUADOR

Srila Sridhar Swami Seva Ashram,
P.O. Box 17-01-576, Quito.

☎: 342-471 Fax: 408-439

email: ssswamisevaashram@yahoo.com

Kaya, ngayon ako ay narito, pilit na sumusubok na sundan ang Ganap na Landas, sa tulong ng Ganap na Guro. Ano pa ang aking mahihiling sa buhay? Dahil sa awa ng mga Vaisnavas ay doon lamang magiging ganap ang aking tangka. Kung maaari, tulungan ninyo ako na maging ganap na taga-paglingkod ng aking Gurudeva. Ito ang aking panalangin sa inyong lahat magpakailanman.

~Si Krishna Kanta Devi Dasi.

**gurvabhista-supurakam
guru-ganair asisa-sambhusitam
cintyacintya-samasta-veda-nipunam
sri-rupa-panthanugam
govindabhidham ujjevalam vara-tanum
bhakty anvitam sundaram
vande visva-gurun ca divya-bhagavat-
premno hi bija-pradam**

“Sinasamba ko ang sagradong paanan na lotus sa sinumang ganap na pumupuno ng pinakaiingatang hiling ng kanyang Banal na Guru; na hinahangaan ng kapuri-puring ningning ng mga biyaya ng kanyang guru-varga; na siyang eksperto sa lahat ng kaunawaang Vedic, parehong nauunawaan at dinauunawaan; na siyang tapat na tagasunod sa katauhan ni Sri Rupa; na kilala bilang Srila Govinda Maharaj; na ang kanyang magandang dakilang katauhan ay ipinagbubunyi sa katamisan ng dakilang pag-ibig; na siyang Guru ng buong kalawakan at ang tagapangalaga ng mga binhi ng dakilang pag-ibig para sa Pinakamataas na Diyos.”

Ang kumpletong listahan ng mahigit 250 na Paglalathala sa 20 lenggwahe ay matatagpuan sa website ng Sri Chaitanya Saraswat Math sa:

<http://www.scsmath.com>

Ang kumpletong listahan ng Templo at Ashrams ng Sri Chaitanya Saraswat Math.

INDIA

Sree Chaitanya Saraswata Krishnanushilana Sangha
Opp Tank 3; 487 Dum Dum Park,
Kolkata Pin 700055,
☎: (033) 2590 9175 & 2590 6508

Sree Chaitanya Saraswata Krishnanushilana Sangha
Kaikhali, Chiriamore, P.O.: Airport,
Calcutta 700052, W. Bengal.
☎: (033) 2573-5428

Sri Chaitanya Saraswat Math,
Bidhava Ashram Rd., Gaur Batsahi,
Puri, Pin 752001, Orissa.
☎: (06752) 231413

Srila Sridhar Swami Seva Ashram, Dasbisa, P.O. Govardhan,
Dist. Mathura, U.P. 281502.
☎: (0565) 281 5495

Sri Chaitanya Saraswat Math & Mission,
96 Sevakunj, Vrindaban, Mathura,
U.P. 281121. ☎: (0565) 245 6778

U.K.

Sri Chaitanya Saraswat Math,
466 Green Street, London E13 9DB.
☎: (0208) 552 3551
e-mail: londonmath@scsmath.org

iii) Mga babasahin:

Sri Gaudiya Darshan - Nabadwip
Sri Vaisnava Tosani - California

iv) Maraming uri ng aklat:

Archchan Kan (Mantrams for Deity worship)
Kirttan Guide (Devotional Song Book)
Relative Worlds (Srila Bhaktisiddhanta Saraswati Thakur)
Sri Brahma-samhita (Bengali / English)
Sri Chaitanya Mahaprabhu—
His Life and Precepts (Srila Thakur Bhaktivinoda)
Sri Chaitanya Saraswati—#1 & #2 (Hindi, Gujarati, Bengali)
The Bhagavata (Srila Thakur Bhaktivinoda)



Ang Kanyang Banal na Grasya
Om Visnupad Srila Bhakti
Sundar Govinda Dev-Goswami Maharaj

devam divya-tanum suchanda-vadanam
 balarka-celancitam
 sandrananda-puram sad-eka-varanam
 vairagya-vidyambudhim
 sri-siddhanta-nidhim subhakti-lasitam
 sarasvatanam varam
 vande tam subhadam mad-eka-saranam
 nyasisvaram sridharam

“Nahuhulog ako sa paanan ni Srila Sridhar Dev-Goswami Maharaj, na siya na may kahali-halinang pagpapahayag ay umaawit ng kanyang mga awitin ng matamis na nektar. Nadadamitan ng mga maaayos na kasuotan tulad ng bagong sikat na araw, siya ang tunay na santo. Ang kalayaan ng kanyang paniniwala at kaalaman ay tulad lamang ng mga karagatan, ang tahanan ng kayamananng kumpleto, ganap na pagkaunawa. Siya ay maningning sa pag-aaliw ng mapagma-hal na debosyon, ang tahanan sa dalisay na kasiyahan, taga-pangalaga ng magandang kapalaran; nangungunang tunay na tagasunod ni Srila Bhakti Siddhanta Saraswati, ang daki-lang heneral, ang aking Diyos at ang aking guru at ang tangi kong kanlungan.”

Listahan ng Aklat ng Sri Chaitanya Saraswat Math

Ingles

i) Mga aklat ni Srila B.R. Sridhar Maharaj:

Centenary Anthology
 Exclusive Guardianship
 Golden Volcano
 Heart and Halo
 Holy Engagement
 Home Comfort
 Inner Fulfilment
 Search for Sri Krishna—Reality the Beautiful
 Sermons of the Guardian of Devotion Vol. I – IV
 Srila Guru Maharaj—His Divine Pastimes...
 Sri Sri Prapanna-jivanamritam—(Positive & Progressive...)
 Sri Sri Prema Dhama Deva Stotram
 Srimad Bhagavad-gita—(The Hidden Treasure...)
 Subjective Evolution—(The Play of the Sweet Absolute)
 The Golden Staircase

ii) Mga aklat ni Srila B.S. Govinda Maharaj:

Affectionate Guidance
 Dignity of the Divine Servitor
 Divine Guidance
 Divine Message
 Golden Reflections
 The Benedictine Tree of Divine Aspiration
 The Divine Servitor



Ang Kanyang Banal na Grasya Om Visnupad
Srila Bhakti Raksak Sridhar Dev-Goswami Maharaj

luwalhatiin ang Diyos. Ang sandaling ito ay ilaan ng walang katapusan, at magpatuloy sa transendental na patutunguhan. Binigyan tayo ng pagkakataong lahat ni Krishna, kaya hindi natin maaaring mawala ang pag-aaring ito. Sa pamamagitan ng utos ng aking Guru Maharaj, maglalakbay ako mula sa isang bansa patungo sa isa pang bansa kasama ng balitang ito, kasama ang Kanyang Banal na kaalaman tungkol sa kawnawaang Krishna. Sa pagkasaksi ng matagumpay na resulta nakararamdam ako ng higit na pagsisidhi at dahil doon hindi ko inaalintana ang aking kalusugan. Minsan, ako ay nagdurusa, ngunit nananalangin ako sa inyong lahat na bigyan ako ng lakas upang hindi ako tumigil sa pangangaral ng kawnawaang Krishna.

**ayur harati vai pumsam
udyann astam ca yann asau
tasyarte yat-ksano nita
uttama-sloka-vartaya**

Ang araw ay sumisikat at lumulubog, kumukuha ng isang araw mula sa panahon ng aking buhay. Para sa isa na labinganim na at isang araw na gulang, labing-anim na taon at isang araw ang lumipas mula sa kanyang buhay. Bawat araw nawawala ang ating buhay, at ang buhay ay walang katiyakan. Kung kaya huwag ng magpaliban ng isang sandali upang makakuha ng pagkakataon para sa espirital na buhay.

magnilay sa tulong ng bhakti-yoga, pagkatapos mararam-daman mo lahat at makikita mo lahat ng bagay. Makikita mo doon ang buong anyo ng Banal na Pamilya at ang Kanilang pag-aaliw at paglahok sa mga pag-aaliw na iyon.

“Ang pagkakataong yaon ay darating sa iyo nang napakadali sa pamamagitan ng prosesong ibinigay ng Srimad-Bhagavatam.”

Walang katapusan ang ating mga kagustuhan. Kahit makamit natin ang ating ninananis, hindi tayo makukuntento. Ang ilan ay maaaring dumating, ngunit iyon ay panandalian lamang. Paanong ang isa na may kaunting pagkaunawa ay makukuntento sa makamundong daigdig na ito? Sapagkat wala tayong banal na ugnayan, sinusubukan nating magsaya sa makamundong daigdig na ito sa pamamagitan ng pag-iisip, pagdama at pagkagusto sa maraming bagay.

**sarva-vedanta-saram hi
sri-bhagavatam isyate
tad-rasamrta-trptasya
nanyatra syad ratih kvacit**

Ang “Srimad-Bhagavatam ang kahulugan ng lahat ng pilosopiya. Ang isa na makakatikim ng kanyang halaga ay hindi na maaakit ng ibang kaisipan.” Mula rito hindi natin maiintindihan gaano karaming kasiyahan ang nangyayari sa Banal na paglilingkod ng Diyos. Una, mahalagang dalisayin natin ang ating sarili at sumuko at sumali sa mga taga-paglingkod sa transcendental na tahanan na yaon sa sravan at kirtan—lahat ng siyam na uri ng debosyonal na gawain. Pagkatapos ay unti-unting mapadadali ang pagtataas ng posisyon.

Ang aking magandang kapalaran, at ako na nakararamdam ng magandang kapalaran ninyong lahat, ay sumubok na

BHAGAVAT DARSHAN

Pagbubunyag Hindi Pag-aakala

**dharmah svanusthitah pumsam
visvaksena-kathasu yah
notpadayed yadi ratim
srama eva hi kevalam**

Ang Srimad-Bhagavatam ay inilarawan ang pagsasanay ng relihiyon sa berso na ito: Kung walang nabubuonong atraksiyon para sa Diyos, lahat ng ating ginagawa ay walang halaga. Sa Banal na kasulatan—ang Vedas, Vedanta, Upanisads, Puranas, Itihasa—relihiyon, gayundin ang pagsasabuhay ng relihiyon ay inilarawan.

Ang Srimad-Bhagavatam ay ibinunyag matapos na bigyan ng utos ni Narada Goswami si Vedavyasa, kung saan, sa pamamagitan ng dakilang inspirasyon ng Panginoong Diyos na si Krishna, ang sumulat ng lahat ng Banal na Kasulatan ng Vedic. Tinipon ni Vedavyasa lahat ng Banal na Kasulatan upang masagip ang mga kaluluwang naliligaw ng landas, at higit sa lahat, upang magbigay sa kanila ng pagkakataon na makapagbigay serbisyo sa Diyos.

Si Bhagavan Vedavyasa, na may lahat ng kayamanan ng kasulatan, ay nagbigay ng lahat ng kaalaman sa mga kaluluwang naliligaw ng landas, ngunit pagkatapos ay hindi kuntento at nakaramdam ng kakulangan: “Ibinigay ko ang lahat sa mundong ito upang masiyahan si Krishna na panginoong Diyos. Kahit si Krishna mismo ay direktang nagbigay sa pamamagitan ng kaalaman ng Bhagavad-gita at iba pang

Banal na Kasulatan, nagbigay ako para sa pinakamatinding pakinabang ng kanilang espirituwal na buhay, nanatili pa rin akong hindi kuntento. Bakit hindi ako nakadarama ng katahimikan sa aking isip?”

Sa panahong yaon ay nakita niya na si Narada Goswami, ang kanyang gurudeva, ay dumating upang makita siya. Habang nakikita si Narada Goswami ay naisip niya, “Ngayon ang aking Panginoon ay naiintindihan na ako’y nagdurusa.” Nagpuri si Krishna Dvaipayana Vedavyasa kay Narada at nagtanong, “Prabhu, bakit ako nagdurusa sa problemang ito?” Sinabi ni Narada Goswami, “Dahil sa iyong pagkabigo lumapit ako sa iyo. Kahit na binigay mo ang relihiyon para sa mga nakondisyong kaluluwa sa daigdig na ito, na siyang kagamutan para sa mga taong maysakit, hindi ka nagbigay ng mungkahi para sa mga taong walang karamdaman.”

**jugupsitam dharma-krte ‘nusasatah
svabhava-raktasya mahan vyatikramah
yad-vakyato dharma ititarah sthito
na manyate tasya nivaranam janah**

“Sinong makapagbibigay ng higit sa anumang bagay kaysa sa iyo sa makamundong daigdig na ito? Wala kahit isa. Ngunit kung ano ang iyong ibinigay ay hindi sapat para sa bawat isa. Maaari silang magsanay ng sarili nilang relihiyon sa pamamagitan ng batas ng Banal na Kasulatan ng Vedic, ngunit kung yaon ay hindi makapagbibigay ng buhay sa lahat, ano ang halaga noon?

“Nakapagpapatok ka na ng napakaraming malalaking bomba, sa anyo ng iyong Vedic mantras, ngunit walang positibong reaksiyon ang magaganap sa mga puso ng mga kaluluwang jiva sapagkat hindi nila susundin ang tamang proseso ng relihiyon.

mundo, at sa gitna nito doon ay ang transcendental na tahanan ng Panginoong Diyos na si Krishna. Malalampasan mo ang lahat ng madali sa tulong ng bhakti-yoga. Lahat ng pagsasanay espirituwal ay makatutulong sa iyo upang turunan ang iyong sarili sa tahanan na iyon sa tulong ng bhakti-yoga. Kung kaya, magsanay ng bhakti-yoga at maging masaya.

Ilang araw ang nasa ating kamay? Masasabi ba natin? Hindi—hindi natin batid. Sa mga darating na panahon, ilang araw ako masisiyahan sa ganitong kapaligirang puno ng ilusyon? Sa aking dating buhay, hindi ko masasabi kung sino ako. Nakuha ko, bilang reaksiyon, itong aking katawan na may maayos na isip. Mayroon akong kagustuhan, pakiramdam, kapangyarihang mag-isip sa katawang ito, ngunit kailangan kong subukang alamin ang ilang bagay na magbibigay sa akin ng walang hanggang buhay, at gayundi yaong napakahalaga para sa akin—pag-ibig, kagandahan, pagmamahal at paghahandog. Iba’t-ibang katangian ang darating sa akin para sa paglilingkod sa transcendental na tahanan ng Panginoong Diyos na si Krishna.

Nais natin ng mga bagay para sa ating kagalakan at kasiyahan, ngunit lahat ay nagaganap ng walang hanggan sa kanyang transcendental na anyo, nasa mga katangian ni Krishna. Kung kaya kung nais nating makarating sa bhakti-yoga, madali nating makakamit ang pag-aaring yaon.

Napakapalad natin na tayo ay nakatanggap ng lahat ng bagay mula kay Vedavyasa: ang paglalarawan ng transcendental na tahanan ng Panginoong Diyos na si Krishna, at ang proseso para makamit ang tahanan na iyon sa pamamagitan ng daan ng bhakti-yoga.

Maraming bagay na narinig si Vedavyasa mula kay Narada Goswami, ngunit ipinahayag ni Narada: “Ikaw ngayon ay

patungo sa transcendental na daigidig. Dalawang alon ang umaagos: ang isa ay itong makamundong daigidig na umaagos sa pamamagitan ng sistemang pabalik-balik, at ang isa pa ay ang malayang umaagos sa espirituwal na mundo o transcendental na mundo.

Tinuran ni Vedavyasa:

**tatra jnana-viraga-bhakti-sahitam
naiskarmyam aviskrtam
tac chrnvan supathan vicarana-paro
bhaktyavimucyen narah**

Tatra jnana-viraga-bhakti-sahitam—hindi ito pangkaraniwang kaalaman, hindi rin ordinaryong pagsuko ng kaisipan. Ito ay pinapayaman ng debosyon at paglilingkod sa Panginoong Diyos na si Krishna. Lahat ay ginagawa para kay Krishna, hindi para sa kanilang mga sarili. Ang ganoong klase ng debosyonal na kaluluwa ay nabubuhay sa mga tunay na deboto. Lahat ay nagpapatuloy ng masaya sa nirguna bhumika, ang transcendental na daigidig.

Kung ikaw ay nabubuhay na may ganoong klaseng sadhu, kung maririnig mo iyon, tat srnvan supathan, mababasa mo iyon, vicaranaparo, at susubukan mong talakayin at isaalang-alang ang kahulugan ng berso na iyon, madaling kalayaan ang darating sa iyo, at maaari mong tanggihan ang kalayaan na iyon at magpatuloy sa Goloka Vrindaban, tatawid sa tuwirang kahalagahan ng kapaligirang mapanlinlang. Una, subukan mong ipangako ang iyong sarili sa pakikinig at pagpupuri sa pag-aaliw ng Diyos, at ipangako mo ang iyong sarili sa paglilingkod sa mga kasapi ng banal na tahanan.

Tayo ay nabubuhay sa bhu-loka, ang planetang daigidig at lahat ng lokas—bhu, bhuvar, svah, maha, jana, tapa, satya—ay nabubuhay sa kalawakang ito. Ngunit lampas sa kalawakang ito ay ang brahma-loka, ang espirituwal na

“Dharma-krte ‘nusasatah—kahit ang relihiyon ay naisasagawa nang tama, kung sa pamamagitan lamang ng pagsunod sa batas ng Vedas, ang kaluluwang jiva ay hindi makakukuha ng pinakamatinding pakinabang ng kanilang espirituwal na pamumuhay. Sa pamamagitan ng sravan at kirtan (pagdinig at pag-awit ng kapurihan ng Diyos) ang mga malalayang kaluluwa at ang tagasunod ng pagkaunawang Krishna ay magkakamit ng pagkakuntento sa kanilang buong pagkabuhay at tunay na buhay. Ang magsanay ng pangkalahatang relihiyon ng Vedas ay walang halaga kung ang isa ay hindi nagiging higit at higit na may kaugnayan sa sravan at kirtan. Sa tulong ng Banal na Kasulatan ng Vedic, maaari silang makakuha ng kalayaan ngunit pagkatapos ng kalayaan ano ang magtutustos sa kanilang buhay? Ano ang gawain ng kanilang buhay? Ano ang tungkulin ng kanilang buhay? Hindi ka nagbigay ng detalye niyon.”

Ang malinaw na halimbawa nito ay ibinigay ni Ramananda Raya nang nagpahayag siya kay Mahaprabhu ng prinsipyo ng ‘sva-dharmatyag’ kasama ng berso mula sa Bhagavad-gita:

**sarva-dharman parityajya
mam ekam saranam vraja
aham tvam sarva-papebhyo
moksaisyami ma sucah**

“Iwanan ang lahat ng uri ng relihiyon, isuko ang lahat sa akin lamang. Palalayain ko kayo sa lahat ng kasalanan, kaya huwag ng malungkot.”

Ipinahayag ni Sri Chaitanya Mahaprabhu, “Oo, ngunit ito ay sa panlabas. Hindi ito walang hanggan. Sabihin mo sa akin ano ang walang hanggang relihiyon.”

Matapos lisanin lahat ng pamamaraan sa relihiyon,

pagkaraang ang kaluluwang jiva ay sumuko ng tuluyan sa Panginoong Diyos na si Krishna ang mamamahala sa kanyang espirituwal na buhay, ngunit nananatili pa rin itong hindi sapat. Ito ay nakasaad sa berso, mam ekam saranam vraja: “Halika at manirahan ka ng eksklusibo sa akin. Ako ang bahala sa iyong espirituwal na buhay.” Si Krishna mismo ang nagsabi niyon, ngunit ang sinabi ni Mahaprabhu ay hindi sapat.

Tinanong ko ang aking Guru Maharaj bakit sinabi ni Mahaprabhu na hindi yaon sapat? Tumugon siya, “Dahil walang paglilingkod sa Diyos; walang paglilingkod ang inilarawan para sa Diyos.”

Si Narada Goswami ay tulad ng Panginoong Krsna, kaya nagtungo siya kay Vedavyasa at sinabi, “Kung ano ang iyong ibinigay, ay ibinigay ni Krishna, ngunit hindi iyon sapat para sa malulusog na tao. Walang duda ito ay magandang mungkahi at kagamutan para sa mga kaluluwang naliligaw ng landas, dahil makakamit nila ang kalayaan ng madali, ngunit pagkatapos ng paglaya maaari silang magkaroon ng bagong kapuri-puring buhay at ang paglalarawang yaon ay hindi nabanggit dito. Kung kaya hindi ito sapat.”

Si Narada Goswami ay lubos na pinapapapurihan nang may kadalisan na pagkaunawang Krishna. Maaari siyang magtungo kahit saan. Kahit na isinumpa siya ng rishi, “Hindi ka makatatagal sa isang lugar ng hindi hihigit sa limang minuto.” Nananatili pa ring hindi epektibo para kay Narada Rishi, dahil ang sumpang yaon ay hindi umeepekto sa Dwaraka, kung saan nasa spirituwal na daigdig.

Si Narada ay sadyang isang makapangyarihang deboto, at gusto niyang maipamahagi ang makapangyarihang debosyon na yaon sa bawat isa sa pamamagitan ni Vedavyasa.

bahid na Puranas. Sa Puranas marami tayong mga bagay na nababasa, ngunit dito sa Srimad-Bhagavatam walang anumang panlabas, walang sobra na itatapon. Kung kaya ito ay lubos na mahalaga sa mga buong-pusong naglilingkod sa Panginoong Diyos na si Krishna. Kasiya-siyang kaalaman sa paglilingkod sa Diyos, ay ibinigay ni Vedavyasa, pinaunlad hanggang bhava at maha-bhava. Dito ay makikita lamang natin ang paglilingkod sa Panginoong Diyos na si Krishna, at yaon ang pinakamatinding kaalaman, hindi nababahiran ng kahit anong materyal na bagay.

Lampas sa makamundong daigdig na ito ang brahma-loka ay nabubuhay. Ang brahma-samhita ay nagbigay ng paglalarawan ng brahma-loka:

**yasya prabha prabhavato jagad-anda-koti-
kotisv asesavasadhadivibhuti-bhinna-
tad brahma niskalam anantam asesabhutam
govindam adipurusham tam aham bhajami**

Sinasamba ko si Govinda, ang Diyos ng kauna-unahang diyos, na ang ningning ay ang pinagmulan ng walang pinagibang si Brahman na nabanggit sa Upanisads, na naiiba mula sa walang katapusang kaluwalhatian ng makamundong kalawakan, na lumabas na hindi nahahati, walang katapusan, walang hanggang katotohanan. Ang ilaw, ningning na nagmumula sa Krishna-loka at pumapasok sa espirituwal na daigdig, yaon ang brahma-loka, ang kabuuan ng espirituwal na pagkabuhay. Kailangan nating subukang tanggapin ang kaalaman na si Sukadev Goswami, Sri Chaitanya Mahaprabhu, at Srimad-Bhagavatam ay ipinagkaloob sa atin at tumungong pailalim sa katotohanang yaon.

Ang pangangaral ay natural na lumalabas, ngunit ang pak-sang ito ay hindi para sa pangangaral—ito ay transendental na pamamaraan na nagdudulot ng ugnayan mula sa mundo

Jñane prayasam udapasya namanta eva jivanti—una ay iwak-si ninyo ang karamihan ng kaalaman na nananatili sa inyong kaisipan, at maging buo ang pagsuko sa sadhus. Ipangako ang sarili sa mga sadhu sa pakikinig ng luwalhati nang Panginoong Diyos na si Krishna, ang kanyang pag-aaliw, at iba pa., at paramihin sila. Maaari mong ipamahagi lahat—kung ano ang iyong natutuhan, pati na rin ang hindi mo natutuhan—sa kahit sino na seryoso na naghahanap. Yaon ang tinatawag na tamang sravan at kirtan (pagdinig at pag-awit ng kapurihan ng diyos). Narinig mo ang mga salitang ito, sravan at kirtan—pakinggan ang luwalhati ng Diyos at pamamahagi ng kaluwalhatian ng Diyos sa lahat. Ang tunay na pag-aari ng bawat isa ay nabubuhay sa isang sobrang tagong daan sa puso, at ito ay sa pamamagitan ng proseso ng sravan at kirtan.

Ang Ganges [ilog] na puno ng kaalaman ng Banal na Kasulatan ay hindi ka maililigtas. Ang kaalaman ay may hul-ing destinasyon hanggang satya loka. Hindi iyon makakukuha ng banal na ugnayan mula roon patungo sa transendental na lugar. Ang kaalaman na pagpapawalang-bisa ng debosyon ay walang saysay para sa iyo. Ang tunay na kaalamang yaon ay nasa Srimad-Bhagavatam, at si Mahaprabhu mismo ay kinilala ito:

**srimad bhagavatam puranam amalam
yad vaisnavanam priyam
yasmin paramahamsyam ekam amalam
jñanam param giyate
tatra jñana-viraga-bhakti-sahitam
naiskarmyam aviskrtam
tac chrnvan su-pathan vicarana-paro
bhaktya vimucyen narah**

Srimad-Bhagavatam puranam amalam—ito ang walang

Kaya sinabi niya kay Vedavyasa, kaninong salita ang batas, sino si bage-bhak, na kung hindi niya ibibigay ang pinakamataas na pag-unawa, walang sinumang makauunawa: hindi yaon maririnig mula sa kahit sinong mga tao. Sa paraang ito, pinagsabihan niya siya:

**jugupsitam dharma-krtē 'nusasatah
svabhava-raktasya mahan vyatikramah
yad-vakyato dharma ititarah sthito
na manyate tasya nivaranam janah**

“Nagbigay ka ng maling kahatulan. Nagbigay ka ng hindi sapat na kaalaman at pag-aaruga para sa mga malayang kaluluwa, kaya nararapat mong ibigay ito ngayon.”

Pagkatapos, magkasalikop ang mga palad, itinanong ni Vedavyasa kay Narada Goswami, “Prabhu, sabihin mo sa akin paano ko ito itatama. Paano ako makapagbibigay ng kumpleto, kaliga-ligayang kaunawaang Krishna sa bawat isa?”

Pinayuhan siya ni Narada Goswami: “Ibinibigay ko ang kaalamang ito sa iyo. Pagnilayan mo ito. Ibubunyag nito ang kanyang sarili sa iyo, pagkatapos ay maibibigay mo na ang kumpletong kaunawaang Krishna. Sa pamamagitan ng bhakti-yoga, ito ay mangyayari.

**bhakti-yogena manasi
samyak pranihite 'male
apasyat purusam purnam
mayam ca tad-apasrayam**

**yaya sammohito jiva atmanam tri-gunatmakam
paro 'pi manute 'nartham tat-krtam cabhipadyate**

Sa tulong ng kanyang pagninilay, nakita niya si Krishna, ang

Kanyang mapanlinlang na lakas, at ang Kanyang cit-sakti, kung saan isinasagawa niya ang kanyang pag-aaliw.

anandamse 'hladini,' sad-amse 'sandhini'
cid-amse 'samvit,' jare jñana kori mani

Nakita niya si Krishna at ang kanyang lakas—walang hanggan, kaalaman at kasiyahan—at dahil sa mga kapangyarihang ito ni Krishna, ang kanyang pag-aaliw ay magpapatuloy kasama ng brajabasis, ang gopis at iba pa. Nakita rin niya ang enerhiyang mapanlinlang na nabubuhay sa likuran ni Krishna. Ang kanyang pagninilay ay puno ng kaunawaang Krishna at ibinigay niya sa atin ang kaalaman ng kumpleto, kasiyahan at kaligayahan, sa tulong ng Srimad-Bhagavatam.

“Ngayon, ako ay buong nangangako na may pagkaunawang Krishna at ibinabahagi ko ang kaalamang yaon sa iyo. Kung ano ang aking ibinigay noon sa Vedanta Darshan at iba pang banal na Kasulatan, hindi ko iyon kinakansela, ngunit pinaalitan ko iyon sa pamamagitan ng Banal na Kasulatang ito, Srimad-Bhagavatm. Ibinigay ko ang ideya ng Vedas sa Vedanta Darshan, sa isang pinaikling paraan, ngunit ito ay ipinaliliwanag ko ngayon sa kabuuan sa Srimad-Bhagavatam na ito.

artho 'yam brahma-sutranam
bharatartha-vinirnayah
gayatri-bhasya-rupo 'sau
vedartha-paribrmhitah

Ang Srimad-Bhagavatam ay ang natural na komentaryo ng Vedanta Darshan (Vedanta Sutras) gayundin ng Mahabharata at ang Brahma-Gayatri. Naglalaman ito ng buong kaisipan ng paniniwala sa Diyos.

At, ibinigay ni Vedavyasa ang kanyang sariling paglalarawan sa Srimad-Bhagavatam:

ngunit kung ano ang aking ipaliliwanag sa iyo, kailangan mong ibigay ang lahat ng iyong atensyon at paniwalaan yaon ng buong pananampalataya. Ano ang aking ipahahayag sa iyo, na ang paksang pinag-uusapan ay walang kinalaman sa makamundong daigdig na ito kahit sa malayang daigdig; ito ay nabubuhay lampas sa malayang daigdig. Ako ay napapunta sa malayang lugar, ngunit ako ay naakit ng kaisipang ito at natutunan ko iyon mula sa aking ama, Vedavyasa.”

parinisthito 'pi nairgunya
uttama-sloka-lilaya
grhita-ceta rajarse
akhyanam yad adhitavan

“Natutuhan ko ang bagay na ito mula sa aking ama at naakit ako ng mga pag-aaliw ng Panginoong Diyos na si Krishna—ang palabas ng Banal na Pamilya na patuloy na ngaganap sa Goloka Vrindaban. Ito ang uttama-sloka—ang paglalarawan ng walang hanggang pag-aaliw ni Radha at Krishna. Narinig ko iyon mula sa aking ama, at ipinaliliwanag ko iyon para sa pinakamatinding kapakinabangan ng iyong espirituwal na buhay.

“Bawat isa ay kilala ako bilang brahma-jñani at tinanggap ko ang kanilang opinyon na kilala ko si brahma, at sino si brahma. Yaon ang aking kalagayan. Namumuhay ako sa aking sariling kagandahan, kariktan, pagmamahal, pag-ibig—lahat—ngunit ako ay naakit sa pag-aaliw ng Panginoong Diyos na Sri Krishna. Ang aking ama ang nagturo nito sa akin, at yaong paksa na itinuturo ko sa iyo ay para sa iyong pinakamatinding kapakinabangan.”

jñane prayasam udapasya namanta eva
jivanti san-mukharitam bhavadiya-vartam
sthan sthitah sruti-gatam tanu-van-manobhir
ye prayaso 'jita jito 'py asi tais tri-lokyam

Maharaj iyan. Pagkatapos, sa tulong ng biyaya ng Panginoong Diyos na si Krishna, at sa tulong ng naunang pag-aayos mula sa transcendental na tahanan, ang anak na lalaki ni Vedavyasa, si Sukadev Goswami, isang labing anim na taong gulang na batang lalaki na walang saplot, ang dumating sa pagtitipon ni Maharaj Pariksit. Lahat ng eksperto at kagalang-galang na sadhus ay naroon, at nakikita man siya mula sa malayo ay nakikilala nila siya bilang anak na lalaki ni Vedavyasa. Ang kanyang banal na paggalaw ang nagbukas ng mga mata ng mga rishis na naroon at nakikilala nila na maaaring siya si Sukadev.

“Kailangan mo ang awa niya,” payo nila kay Pariksit Maharaj. “Ang batang lalaki na parating na ang may hawak ng pinakamataas na kaalaman. Kaya maaari mong itanong sa kanya ang iyong mga katanungan. Siya ang magbibigay sa iyo ng lunas, at lahat tayo ay makukuntento sa kanyang regalo.”

Bawat isa ay sinalubong siya, ngunit si Sukadev Goswami ay walang kamalayan sa nangyayari. Hindi siya nabubuhay sa makamundong daigdig at hindi nakakikita ng anumang kamunduhan. Dumating siya nang direkta sa kagustuhan ng Panginoong Diyos na si Krishna, at ipinagkaloob sa kanya ni Pariksit Maharaj ang luklukang laan para sa mga hari at pinapurihan siya. Walang materyal na pagkalapit si Sukadev Goswami.

Nakaupo siya roon at at tinanong niya si Maharaj Pariksit, “Mayroon ka bang anumang katanungan para sa akin?” Tumugon si Maharaj pariksit, “Oo Prabhu, ako ay nasa kalagitnaan ng suliraning ito. Kung maaari ay bigyan mo ako ng payo, na magdudulot sa akin ng katahimikan ng pag-iisip.”

Sumagot si Sukadev, “Ako ay nakatanggap ng inspirasyon mula sa itaas kung kaya ako ay dumalo sa inyong pagtitipon,

**nigama-kalpa-taror galitam phalam
suka-mukhad amrta-drava-samyutam
pibata bhagavatam rasam alayam
muhur aho rasika bhuvi bhavukah**

“Oh mga debotong matatalino na nasanay sa pag-inom ng transendental na nektar, kung maaari ay inumin ninyo ng paulit-ulit ang katas nitong Bhagavatam, na mas pinatatamis pa dahil ito ay umusbong mula sa bibig ni Sri Sukadev Goswami. Ang katas na ito ay mas mataas sa katas ng planeta sa kalawakan, kaya kung maaari ay damhin ninyo ito nang paulit-ulit. “Sinimulan niya ang Vedanta Darshan kasama ng athato brahma jijñasa, janmadyasya yatah, ata tu samanvayah—ang mga uring ito ng sutras ay nasa Vedanta Darshan. Athato brahma jijñasa, ang paghahanap kay Sri Krishna. Pagkatapos janmadyasya yatah, sino si Sri Krishna?

**isvarah paramah krsnah
sac-sid-ananda-vigraha
anadir adir govindah
sarva-karana-karanam**

“Si Krishna, na kilala bilang Govinda, ay ang Kataas-taasang Panginoong Diyos. Mayroon siyang walang hanggan, puno ng kagalakang espirituwal na pangangatawan. Siya ang pinagmulan ng lahat. Wala siyang ibang pinagmulan at siya ang pangunahing dahilan ng lahat ng mga dahilan.”

Dahil sa kanyang pinakamahalagang konklusyon, sinimulan niya ang Srimad-Bhagavatam. Satyam param dhimahi—tayo ay magninilay sa kahulugan ng gayatri-mantram. Ano ang ating pagninilayan? Yaong inspirasyon na nagmumula sa Banal na lugar; iyon ang paanang lotus ni Sri Krishna at ang kanilang paglilingkod. Kung nais mong gawin ang iyong sarili na mabuting tagapaglingkod ng Panginoong Diyos na si Krishna, Nandanandana Krishna, na gumagawa ng malamb-

ing at nagsasagawa ng kanyang banal na pag-aaliw kasama ng brajabasis, at kung nais mong pumasok sa kinalalagyan ni Krishna, para sa paglilingkod, sa ilalim ng kanyang mga kasamahan, kailangan mong magsimula sa puntong ito:

**jñane prayasam udapasya namanta eva
jivanti san-mukharitam bhavadiya-vartam
sthane sthitah sruti-gatam tanu-van-manobhir
ye prayaso 'jita jito 'py asi tais tri-lokyam**

Ajita jita api—maaari mong kontrolin ang kaisipan ng Pinakamakapangyarihang Tagapagkontrol kung magpapatu-loy ka sa paraang ito, kasama ng pakikipag-ugnayan sa Banal na tagapaglingkod ng Panginoong Diyos na si Krishna, ang sadhu, at kung ibibigay mo ang iyong buong pagkabuhay, kung gayon ay uutusan ka sa tulong ng sadhu sa sravan at kirtan (pagdinig at pag-awit ng kapurihan ng diyos). Marinig ang mga iyon mula sa Banal na tagapaglingkod at ibigay mo ang iyong buong atensyon sa kirtan, na nangangahulugang ng pagdinig sa kapurihan ni Krishna at pamamahagi ng kau-nawaang Krishna.

Makatatagpo ka ng iba't-ibang uri ng anyo ng Panginoong Diyos na si Krishna sa Vedas, ngunit si Vedavyasa ay hindi kuntento doon. Kung ano ang ibinigay ni Narada Goswami kay Vedavyasa ngayon ay inilarawan niya sa Srimad-Bhagavatam, at ang katulad na pagkaunawa ay matatagpuan sa Brahma-Sanhita:

**isvarah paramah krsnah
sac-cid-ananda-vigraha
anadir adir govindah
sarva-karana-karanam**

Pinili niya si Govinda dahil hindi kuntento sa ibang palatan-daan ni Krishna. Sina Mahaprabhu, Narada Goswami at

Vedavyasa ay itinuturo tayo na tumungo sa pinagmulan. Ang pinagmulan ay si Krishna sa Vrindaban, at ang Krishna na iyon ay hindi nilisan ang Vrindaban. Lagi siyang nasa Vrindaban Dham, nilalaro ang gopas at gopis na parang isang batang lalaking nagpapastol ng mga baka. Yaon ang kanyang dakilang pagkakakilanlan.

Siya ang lumikha ng lahat ng nilikha at siya ang Pinakamataas na Personalidad ng Panginoong Diyos. Maaari natin siyang ilarawan sa iba't-ibang paraan, ngunit hindi iyon nakakalimita sa kanya o sa Kanyang tirahan, sa Vrindaban, kung saan Siya naglalaro.

Ang simula ni Vedavyasa ng Srimad-Bhagavatam ay mas kahanga-hanga. Nang si Pariksit Maharaj ay isinumpa ng batang Brahmin na sa loob ng pitong araw siya ay mama-matay, mayroong napakaraming rishis, munis at taong nasa mataas na posisyon na tinipon upang gumawa ng mabuti para kay Maharaj Pariksit. Dahil siya ay lubhang mabuting hari, bawat isa ay nagnanais na ipakita ang kanilang pag-mamahal, at lumahok sila sa pulong na yaon—Atri, Chyavana, Saradvan, Aristanemi, Bhrgu, Vasistha, Parasara, Visvamisra, Angira, lahat ng malalaking rishis—gayundin si Parasurama, Vedavyasa at Narada Rishi ay naroon. Bawat isa ay nagnanais gumawa ng mabuti para kay Pariksit Maharaj. Dahil sa kanilang pagmamahal para sa kanya, dumating sila upang suportahan siya at subukang tulungan siya sa pagti-tipong iyon.

Base sa kanilang iba't-ibang pagkaunawa, pinayuhan nila si Maharaj Pariksit:

**tapasvino dana-para yasasvino
manasvino mantra-vidah sumangalah**

“Ginawa ni Maharaj iyan. Ginawa ni Maharaj iyon. Ginawa ni